# BAKIT NILIKHA NG DIYOS ANG SANGKATAUHAN? (BAHAGI 1 NG 4): ANG PAGSAMBA SA DIYOS

**Marka:**

**Paglalarawan?:** Ang layunin para sa paglikha ng sangkatauhan ay pagsamba. Bahagi 1: Ang pangangailangan ng tao para sa pagsamba.

**Kategorya:** Mga Artikulo Mga Paniniwala ng Islam Ang Layunin ng Buhay

**Ni:** Dr. Bilal Philips

**Nailathala noong:** 24 Aug 2020
**Huling binago noong:** 04 Oct 2009




Sa pananaw ng sangkatauhan, ang tanong na "Bakit nilikha ng Diyos ang sangkatauhan?" ay nagpapahiwatig na "Sa anong layunin ginawa ang sangkatauhan" Sa huling paghahayag (ang Quran), ang tanong na ito ay sinasagot nang walang anumang kalabuan. Ipinagbigay alam ng Diyos sa mga tao na ang bawat tao ay ipinanganak ng may kamalayan sa Diyos. Sa Quran, sinabi ng Diyos:

***"At [alalahanin] nang nagpalabas ang iyong Panginoon mula sa himaymay ni Adan ng kanyang mga anak at inapo at sila ay Kanyang ginawang saksi para sa kanilang mga sarili (na nagsasabing) 'Hindi ba ako ang inyong Panginoon?' Sila ay nagsabi: 'Opo, (at) kami ay sumaksi,' O inyong sasabihin: 'Ang aming mga ninuno lamang ang nagtambal (ng iba) sa Panginoon noon, at kami ay kanilang mga inapo lamang. Kaya Kami ba kung gayon ay Iyong wawasakin nang dahil sa ginawa ng mga mapaggawa ng kabulaanan?'" (Quran 7:172)***

Ang Propeta, nawa ang awa at mga pagpapala ng Diyos ay sumakanya, ay ipinaliwanag na nang nilikha ng Diyos si Adan, Kinuha niya mula sa kanya ang isang tipan sa lugar na tinawag na Na,maan noong ika-9 na araw ng ika-12 na buwan. Pagkatapos ay kinuha niya mula kay Adan ang lahat ng kanyang mga inapo na ipanganak hanggang sa katapusan ng mundo, salit salinlahi, at ikalat ang mga ito sa harap Niya upang kumuha din ng tipan mula sa kanila. Kinausap Niya sila, nang harapan, pinatototohanan nila na Siya ang kanilang Panginoon. Dahil dito, ang bawat tao ay may pananagutan sa paniniwala sa Diyos, na naipinta sa bawat kaluluwa. Ito ay

batay sa panimulang impormasyon na tinukoy ng Diyos ang layunin ng paglikha ng sangkatauhan sa Quran:

***“Nilikha ko ang jinn at sangkatauhan para lamang sambahin nila Ako..” (Quran 51:56)***

Sa gayon, ang mahalagang layunin kung saan nilikha ang sangkatauhan ay ang pagsamba sa Diyos. Gayunpaman, ang Makapangyarihan sa lahat ay hindi nangangailangan ng pagsamba mula sa tao.Hindi Niya nilikha ang tao na hindi nangangailangan ng Kanyang bahagi. Kung wala man ni isang sumamba sa Diyos, hindi nito mababawasan ang Kanyang kaluwalhatian sa anumang paraan, at kung lahat ng sangkatauhan ay sasamba sa Kanya, hindi nito madaragdagan ang Kanyang kaluwalhatian sa anumang paraan. Ang Diyos ay perpekto. Siya lamang ang mabubuhay nang walang anumang mga pangangailangan. Lahat ng nilikhang nilalang ay may mga pangangailangan. Dahil dito, ang sangkatauhan ay kailangang sumamba sa Diyos.

# Ang Kahulugan ng Pagsamba

Upang maunawaan kung bakit kailangang sambahin ng tao ang Diyos, dapat unawain muna natin kung ano ang ibig sabihin ng salitang 'pagsamba.' Ang salitang Ingles na '*worship*' ay nagmula sa Lumang Ingles na weorthscipe na nangangahulugang 'karangalan.' Dahil dito, ang pagsamba sa wikang Ingles ay tinukoy bilang 'ang pagganap ng mga kilos na debosyonal bilang paggalang sa isang diyos.' Ayon sa kahulugan na ito, ang tao ay inatasan na magpakita ng pasasalamat sa Diyos sa pamamagitan ng luwalhati sa Kanya. Sa Quran, sinabi ng Diyos:

***“Luwalhatiin mo nang may papuri ang iyong Panginoon...” (Quran 15:98)***

Sa pagluwalhati sa Diyos, pinili ng tao na maki-isa sa iba pang nilikha na natural na niluluwalhati ang Tagapaglikha nito. Tinalakay ng Diyos ang kababalaghan na ito sa maraming mga kabanata ng Quran. Halimbawa, sa Quran, sinabi ng Diyos:

***“Ang pitong kalangitan at kalupaan at ang anumang nakapaloob doon, ay lumuluwalhati sa Kanya at walang isang bagay maliban na ito ay lumuluwalhati sa Kanyang papuri. Ngunit hindi niyo nauunawaan ang (pamamaraang) kanilang pagluluwalhati.” (Quran 17:44)***

Gayunpaman, sa Arabe ang wika ng huling paghahayag, ang pagsamba ay tinawag na *‘ibaadah*, na malapit na nauugnay sa pangngalan*‘abd*, na ang ibig sabihin ay ‘isang alipin.’ Ang isang alipin ay inaasahan na gawin ang anumang nais ng kanyang panginoon.Dahil dito, ang pagsamba, ayon sa huling paghahayag, ay nangangahulugang 'masunurin na pagpapasakop sa kalooban ng Diyos.'Ito ang diwa ng mensahe ng lahat ng mga propeta na ipinadala ng Diyos sa sangkatauhan.Halimbawa, ang pag-unawa sa pagsamba ay mariing ipinahayag ni Propeta Hesus (ang Mesiyas o Hesukristo),

***“Wala sa mga tumatawag sa akin na 'Panginoon' ang makakapasok sa kaharian ng Diyos, kundi ang gumagawa lamang ng kalooban ng aking Ama sa langit.”***

Dapat pansinin na ang 'kalooban' sa sipi na ito ay nangangahulugang 'kung ano ang nais ng Diyos na gawin ng mga tao' at hindi 'kung ano ang pinahihintulutan ng Diyos na gawin ng mga tao,' sapagkat walang nangyari sa paglikha nang walang kalooban (pahintulot) ng Diyos. Ang 'kalooban ng Diyos' ay nakapaloob sa banal na ipinahayag na mga batas na itinuro ng mga propeta sa kanilang mga tagasunod. Dahil dito, ang pagsunod sa batas ng Diyos ang pundasyon ng pagsamba. Sa ganitong kahulugan, ang pagluwalhati ay nagiging pagsamba din kapag pinili ng mga tao na sundin ang mga tagubilin ng Diyos patungkol sa Kanyang pagluwalhati.

# Ang Pangangailangan sa Pagsamba

Bakit kailangang sambahin at luwalhatiin ng tao ang Diyos sa pamamagitan ng pagsunod sa mga banal na ipinahayag na mga batas? Sapagkat ang pagsunod sa batas ng Diyos ang susi sa tagumpay sa buhay na ito at sa susunod. Ang unang tao na sina Adan at Eba, ay nilikha sa Paraiso at kalaunan ay pinalayas mula sa Paraiso dahil sa pagsuway sa banal na batas. Ang tanging paraan para sa mga tao na bumalik sa Paraiso ay sa pamamagitan ng pagsunod sa batas.Si Propeta Hesus, ay iniulat sa Ebanghelyo ayon kay Mateo na ginawa ang pagsunod sa mga banal na batas na siyang susi sa Paraiso: Ngayon narito, may dumating at sinabi sa kanya,

***“Mabuting Guro, ano ang mabuting bagay na dapat kong gawin upang magkaroon ng buhay na walang hanggan?” kaya sinabi nya sa kanya, “Bakit mo ako tinawag na mabuti? Walang sinuman ang mabuti kundi ang Isa, iyon ay, ang Diyos. Ngunit kung nais mong pumasok sa buhay, sundin ang mga utos.”***

Gayundin si Propeta Hesus ay iniulat na iginiit ang mahigpit na pagsunod sa mga utos, na sinasabi:

***“Kung gayaon, kung sinuman ang sumira sa isa sa mga pinakamaliit na mga kautusan, at nagtuturo sa mga kalalakihan, ay tatawaging pinakamaliit sa Kaharian ng Langit; ngunit kung sinuman ang gumawa at magturo sa kanila, siya ay tatawaging dakila sa Kaharian ng Langit.”***

Ang mga banal na batas ay kumakatawan sa gabay para sa sangkatauhan sa lahat ng kalagayan ng buhay. Tinukoy nila ang tama at mali para sa kanila at inaalok ang mga tao ng isang kumpletong sistema na namamahala sa lahat ng kanilang mga gawain. Ang Lumikha lamang ang nakakaalam kung ano ang kapaki-pakinabang para sa Kanyang nilikha at kung ano ang hindi. Ang mga banal na batas ay nag-uutos at nagbabawal sa iba't ibang mga gawa at sangkap upang maprotektahan ang espiritu ng tao, ang katawan ng tao at ang lipunan ng tao mula sa kapahamakan. Upang matupad ng mga tao ang kanilang potensyal sa pamamagitan ng pamumuhay ng matuwid na buhay, kailangan nilang sambahin ang Diyos sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanyang mga utos.

Ang web address ng artikulong ito:

https://webcache001.islamreligion.com/tl/articles/336/bakit-nilikha-ng-diyos-ang-sangkatauhan-bahagi-1-ng-4

Copyright © 2006-2020. Lahat ng mga karapatan ay inilaan. © 2006 - 2026 IslamReligion.com. Lahat ng mga karapatan ay inilaan.